



# State of California Department of Justice

## Ban sa Single-Use (Isahang Gamit) na Carryout Bags (SB 270 /Proposition 67)

Inihanda ng Office of the Attorney General

---

### Ano ang mga kahilingan sa ilalim ng Ban sa Single-Use (Isahang Gamit) na Carryout Bag?

- Ang karamihan sa mga grocery store, mga convenience store, mga liquor store, at malalaking retail store na may mga parmasya o nagbebenta ng mga nasisirang pagkain ay hindi maaaring magkaloob sa kanilang mga kostumer ng mga single-use na carrount bag.
- Ang mga tindahan ay maaaring magkaloob sa mga kostumer ng mga may sertipikong magagamit muli (reusable) na grocery bag o recycled na mga paper bag na nakakatugon sa mga kahilingan sa ilalim ng batas sa pagbabawal ng bag.
- Ang mga tindahan ay kailangang maningil ng hindi bababa sa 10 cents kada reusable na grocery bag o recycled paper bag.
- Ang mga tindahan ay dapat magkaloob ng libreng reusable na mga grocery bag o recycled paper bag sa mga kostumer na gumagamit ng mga EBT card o WIC card/voucher para magbayad.

### Ano ang kuwalipikado bilang isang recycled na paper bag?

Sa pangkalahatan, ang recycled na paper bag ay dapat na:

- Naglalaman ng minimum na 40 porsiyentong postconsumer na recycled na materyal
- Naka-print sa bag ang pangalan ng manufacturer, ang bansa kung saan ginawa ang bag, at ang porsiyento ng postconsumer na recycled na nilalamang materyal

### Ano ang kuwalipikado bilang isang may sertipikong reusable na grocery bag?

Sa pangkalahatan, ang isang may sertipikong grocery bag ay dapat na:

- May hawakan (handle) at na-disenyo para magamit ng kahit man lang 125 beses
- May volume capacity (kakayahan) na hindi bababa sa 15 litro (halos 4 galon)
- Maaaring labahan sa washing machine o kayang malinis at ma-disinfect
- Malaya mula sa mga toxic na materyal
- Gawa sa plastic film, may minimum na 20 porsiyentong postconsumer na recycled na materyal (40 porsiyento makalipas ang Enero 1, 2020)
- Kung gawa sa tela, maaaring matahi o kayang makapagdala ng 22 libra sa loob ng layo na 175 piye, sa loob ng 125 beses
- May pangalan ng manufacturer, bansa, at isang pahayag na ang bag ay isang reusable na bag na dinisenyo para magamit ng kahit man lang 125 beses na naka-print sa bag o sa isang tag, at pati na rin ang mga instruksyon sa recycling kung ang bag ay recycable
- Dapat na-manufacture o na-distribute ng isang kompanyang nakalista sa listahan ng CalRecycle na [Certified Reusable Grocery Bag Producer](#)

---

Mangyari lang ipatungo ang mga tanong at reklamo sa: <https://oag.ca.gov/consumers> o (800) 952-5225. Ang impormasyon sa itaas ay isang buod lang. Maaaring ipataw ang ilang mga eksepsyon. Para sa karagdagang impormasyon sa Ban sa Single-Use na Carryout Bag, mangyari lang bumisita sa: <http://www.calrecycle.ca.gov/Plastics/CarryoutBags>